**Pamagat**: Amos, An Introduction: The Author, Setting (Kapaligiran), Audience, and Theme

**Bible Text**: Amos 1:1 "The words of Amos, who was among the herdmen of Tekoa, which he saw concerning Israel in the days of Uzziah king of Judah, and in the days of Jeroboam the son of Joash king of Israel, two years before the earthquake."

> *Pagsasalin*: Ang mga salita ni Amos, na kasama ng mga pastol ng Tekoa, na nakita niya tungkol sa Israel nang mga araw ni Uzias na hari ng Juda, at nang mga araw ni Jeroboam na anak ni Joas na hari ng Israel, dalawang taon bago lumindol.

**Panimula**:

1. Paminsan ang mga anak ng Dios ay nawawala sa landas ng Dios, at ito ay nagdudulot ng palo o parusa galing sa Dios upang tayo ay manumbalik sa Kanya.
2. Sa aklat ni Amos malinaw ang kasalanan ng tao, ang parusa ng Dios, ang kabanalan ng Dios, at ang panunumbalik ng Israel pati na rin ang mga Hentil (ang Hentil ay mga bansa na hindi taga-Israel).

I. **Ang Manunulat**:

A. Amos – burdensome (pabigat).
- A.1. Binigay ng Dios kay Amos ang "mga salita" sa pamamagitan ng vision. (1:1a)
- A.2. Ito ay isa nanamang katibayan sa doctrine ng Verbal Inspiration at Preservation.
- A.3. Siya ay tunay na pabigat pero ang mensahe ay may pinanggalingan – ang Dios!

B. Dahil wala tayong alam sa kanyang pamilya o angkan – ito ay nangangahulugan na siya ay hindi sikat, karaniwan, at walang pwesto sa buhay o mahirap. (at least, sanay sa paghihirap at magandang trabaho)

C. Ang Tekoa – ay lungsod sa timog (south) ng Jerusalem at malapit sa Dead Sea. (Geography)

D. Ang message niya ay pangunahin para sa Israel (Northern kingdom, sa kapanahunan ni Jeroboam, at ni Uzziah na hari ng Southern kingdom, Judah). Sino ang mga propheta na nauna: Obadiah, Jonah; at pagkatapos ng ministry ni Amos: Isaiah at Micah (malamang contemporary ni Amos), Nahum, Habakkuk, Jeremiah, etc.

E. Siya ay pastol na tinawag ng Dios at ginawang propeta. (Tama lang ito dahil sanay siya sa paghihirap)

II. **Ang Setting o Kapaligiran ng Kapanahunan ni Amos at ang Aklat ni Amos:**

A. Ang pangangaral ni Amos sa Israel at Judah at sa mga paligid na mga lupain ng mga Hentil, ay sa panahon ng kasaganaan at kapayapaan. Relax ang mga tao sa kanilang kayamanan, at kabuhayan. Natural lang na dumarami ang kasalanan at corruption. Si King Jeroboam II ang nag hari sa Israel sa pinakamataas na karangalan ng Israel. (2 Kings 14:25)

B. Nagpadala ang Dios ng isang propeta galing sa Judah para i-tapat niya sa karumaldumal na gawa ng mga tiga-Israel.

C. Ang aklat ni Amos ay naka-divide ng ganito:
- C.1. Mga Pangitain ng Hatol ng Dios sa Mga Hentil at sa Judah at Israel (Amos 1-2)
  - "Thus saith the LORD" (1:3)
- C.2. Mga Sermon o Mabigat na Mensahe para sa Israel (Amos 3-6)
  - "Hear this word" (3:1)
- C.3. Mga Limang Pangitain ng Hinaharap ng Israel (Amos 7-9)
  - "The Lord GOD showed me" (7:1)
- C.4. Ang Salaysay o Kwento sa aklat ni Amos (7:10-17)
- C.5. Ang Pag-asa ng Israel (Amos 9:11-15)

D. Ang central verse or key verse: Amos 4:12 – "Humanda ka sa pagsalubong sa iyong, Dios, O Israel!

**Katapusan**:

1. Pinapaalalahanan tayo ni Amos tungkol sa sovereignty and severity ng Diyos.
2. Tandaan natin na bagamat paminsan dahil sa sarili nating pagkakasala, at umaabot sa atin ang palo ng Dios, siya pa rin ang ating Dios. ("Prepare to meet, THY GOD"). At ang kamay na humahawak sa pamalo ay ang kamay na napako sa krus at ang kamay na balang araw ay ang magpupunas sa ating mga luha.